# Ang pilak kapalit ng ginto ay patubo, malibang kaliwaan. Ang trigo kapalit ng trigo ay patubo, malibang kaliwaan. Ang sebada kapalit ng sebada ay patubo, malibang kaliwaan. Ang datiles kapalit ng datiles ay patubo, malibang kaliwaan."}

Ayon kay Mālik bin Aws bin Al-Ḥadathān, siya ay nagsabi: {Dumating ako na nagsasabi: "Sino ang makikipagpalitan ng mga dirham?" Kaya nagsabi si Ṭalḥah bin `Ubaydillāh habang siya ay nasa piling ni `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allah sa kanilang dalawa): "Ipakita mo sa amin ang ginto mo, pagkatapos pumunta ka sa amin. Kapag dumating ang tagapaglingkod namin, ibibigay namin sa iyo ang pilak mo." Kaya nagsabi si `Umar bin Al-Khaṭṭāb: "Aba'y hindi! Sumpa man kay, talagang ibibigay nga ninyo sa kanya ang pilak niya o talagang isasauli nga ninyo sa kanya ang ginto niya sapagkat tunay na ang Sugo ni Allah (s) ay nagsabi: Ang pilak kapalit ng ginto ay patubo, malibang kaliwaan. Ang trigo kapalit ng trigo ay patubo, malibang kaliwaan. Ang sebada kapalit ng sebada ay patubo, malibang kaliwaan. Ang datiles kapalit ng datiles ay patubo, malibang kaliwaan."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid ang Tagasunod na si Mālik bin Aws na siya noon ay may mga dinar na ginto at nagnanais siya na ipagpalit ang mga ito sa mga dirham na pilak. Kaya nagsabi sa kanya si Ṭalḥah bin `Ubaydillāh (malugod si Allah dito): "Iabot mo sa amin ang mga dinar mo upang makita ko ang mga ito." Pagkatapos nagsabi ito sa kanya matapos na pinagpasyahan nito ang pagbili: "Puntahan mo kami. Kapag dumating ang tagapaglingkod namin mamaya, talagang ibibigay namin sa iyo ang mga dirham ng pilak." Si `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allah sa kanya) ay naroon sa pagtitipon kaya minasama niya ang uring ito ng transaksiyon. Sumumpa si `Umar na si Ṭalḥah ay magbabayad ng pilak ngayon o magsasauli kay Mālik ng ginto niya na kinuha nito sa kanya. Nilinaw ni `Umar ang kadahilanan niyon na ang Sugo ni Allah (s) ay bumanggit na ang pagtitinda ng pilak kapalit ng ginto o ang kabaliktaran ay kinakailangan na kunin ang kapalit kaagad-agad at ang bilihang iyon ay hindi magiging patubong ipinagbabawal at pagtitindang walang-saysay. Kaya naman hindi ipagbibili ang ginto kapalit ng pilak ni ang pilak kapalit ng ginto malibang sa paraang kamay sa kamay at isasagawa ang abutan; hindi ipagbibili.